Payo para maabot ang tawakkul

Upang makamit ang pagtitiwala sa Diyos, ang isang tao ay dapat mabago ang kanyang pananaw tungkol sa kanyang sarili, sa buhay dito sa mundo, pakikipag-kapwa tao, pagdurusa at kaligayahan, kalusugan at sakit, kayamanan at kahirapan, tagumpay at pagkabigo, buhay at kamatayan, at pagiging makatotohanan sa kanyang sarili, pagiging nilalang ng Diyos at kanyang tagapaglikha, Diyos, ang makapangyarihan, Siya na may likha nitong mundo, mla sa pinaka maliit hanggang sa pinaka malakas na nilalang. Marapat na maalala ng bawat isa na ang Diyos ang simula ng lahat ng bagay, bawat tagumpay, bawat nakamit, at walang makapananakit sa Kanya kahit mula pa sa pinakamalakas na kaaway maliban na lamang kung may pahintulot ng Diyos at katulad na walang makamit. Ang tao ay dapat madalas mag-isip tungkol sa simpleng bagay ng kanyang buhay at unti-unting palakasin ang kanyang pananamplataya sa Diyos, ilagay ang kanyang pag-asa at tiwala sa Kanya, madalas magdasal sa Kanya at alagaan ang makatotohanang pag-iisip tungkol sa kanyang kinabukasan at mag-plano ng magandang gawain, isa-isip ang mundong ito at ang kabilang buhay. Ang isang tao ay dapat magmatyag sa:

- Ang tao bagamat pinakamataas na nilalang sa mundo, sa totoo lang ay may marupok na paninindigan. Ang taon kagaya ng iba pang nilalang ay hindi makatayo sa sarili. Dagdag pa dito, ang tao kagaya ng ibang bilalang ay walang magagawa tungkol sa kanilang kapanganakan, pag-tanda at pagkamatay.
- Katulad ng, sakit, pagkatalo, kalungkutan, kahirapan at iba pang pagsubok ay parte na ng buhay ng tao, mula sa pinaka-mayaman hanggang sa pinaka-makapangyarihang tao, walang makapipigil dito. Ang buhay sa mundong ito ay nakatalaga upang subukin ang tao at hindi lugar para sa pabuya at pananatili magpahanggang kailan.
- Ang taong kinalimutan ang Diyos bilang kanyang Tagapaglikha at Nagbibigay biyaya at kinokonsidera na ang kanyang tagumpay, pag-aari, kayamanan at iba pang bagay sa mundo ay dahil sa kanyang sarili lamang ay malamang na magdusa sa kapag nawala ang mga ito. Sa kabiang banda, ang mananampalataya na nilalagay ay kangyang tiwala sa Diyos sa katunayan ay ligtas sa pagkabalisa, pag-aalala, at pagkalungkot at iba pang sakit sa katawan at pag-iisip dahil sa kanyang relasyon sa Diyos. Ang kanyang pag-asa sa Diyos ang nagbibigay ng malakas na suporta sa pinakamahirap na yugto ng kanyang buhay at nagbibigay sa kanya ng kalakasan,
- Sa bawat nilalang, na nabubuhay dito sa mundo, ang buhay ay matatapos isang araw at ang oras ng kamatayan ay hindi rin nababatid. Mas makabubuti kung ang tao ay pananatilihin ang kanyang puso sa sa kondisyon ng kumpletong pagtitiwala sa Diyos at di maaapektuhan ng anumang dahilan, materyal na bagay at ng tagumapay man o pagkabigo, mas marapat na ilapit nya ang kanyang sarili sa walang hanggang bagay na tinalaga ng Diyos.

Konklusyon:

- Ang Propeta ng Diyos (s) ay nagsabi: "Sinuman ang naghangad na maging pinaka makapangyarihang tao sa lahat ng nilalang ay dapat magtiwala sa Diyos." [Al-Majlisi, Bihar al-Anwar, vol. 15, p. 135, hadith # 71]

…ipinagkakatiwala mo sa Allâh ang lahat; katiyakan, ang Allâh ay nagmamahal sa mga nagtitiwala (sa Kanya). (Qur'an, 3: 159)

Imam Ja'far al-Sadiq (a) ay tinanog tungkol sa binanggit ng Diyos na makapangyarihan, "At sinuman ang ipinauubaya niya ang kanyang sarili sa Allâh , ay sapat na ang Allâh sa kanya sa anuman na kanyang suliranin (65:3). Sinabi ng Imam (a): "Mayroong iba't- ibang grado ng pagtitiwala sa Diyos. Isa sa mga ito ay ang marapat ng ibigay mo ang pagtitiwala sa Diyos sa lahat ng iyong gawain, maging kuntento sa anumang pinagkaloob ng Diyos sa iyo, alalahaning hindi tumitigil ang Diyos sa kabutihan at pagbibigay ng biyaya sa iyo, at ang utos ay nanggagaling lamang sa Kanya. Kaya ilagay mo ang pagtitiwala sa Diyos, ipaubaya ito sa Kanya at umasa sa Kanya tungkol dito at sa lahat bukod pa dito."
[Al-Kulayni, *al-Kafi*, vol 2, p. 391, hadith # 3]

Mga Kabutihan ng Kaluluwa …

Pagtitiwala sa Diyos

(*tawakkul*)

Tawakkul o pagpapaubaya sa Diyos sa anumang gagawain depende sa kaalaman ng isang tao at matatag na paniniwala sa pagiging panginoon ng Diyos, pagiging Pinuno at sa lakas ng kapangyarihan ng Banal na Kakanyahan sa lahat ng mga gawain sa buong sanlibutan. Gayunman, ang pagtitiwala sa Diyos sa pangmundong at sa kabilang buhay na Gawain ay hindi nangangahulugang ang mga pagsisikap at pagpapakasakit ay dapat ng ipagwalang bahala. Kaya naman ang tao ay dapat kumilos sa abot ng kanyang makakaya pagkatapos ay umasa sa Diyos sa Kanyang katarungan, tulong at biyaya.

Anu ang *tawakkul*

- Ang Sikat'*arif*, na Khawaja Abdullah Ansari [ra] ay nagsabi*: "***Ang ibig sabihin ng Tawakkul ay ang pagbibigay ng lubos na tiwala sa Panginoon tungkol sa lahat ng bagay at umasa sa Kanyang pagiging makapangyarihan**"
- Ang ibang Gnostisismo ay binigyan ito ng kahulugan na : *"Ang Tawakkul sa Diyos ay ang pagpapanatili ng mga tagapaglingkod ng kanilang pag-asa mula sa lumikha (at isama ito sa Diyos). "*

Ang grado ng *tawakkul*

- Ang mga pangkaraniwang tao na nabibilang sa monotheists (naniniwala sa nag-iisang Diyos) ay kinokonsidera ang Diyos na Makapangyarihan na Lumikha ng sanglibutan; ngunit hindi sila naniniwala sa lubos na pagiging Panginoon ng Diyos, at kinokonsidera ang Kanyang kapangyarihan sa lahat ng bagay na limitado. Sila ay kulang sa tawakkul sa kanilang pangmundong mga gagawain; malakas ang kanilang paniniwala sa tawakkul pagdating sa mga bagay sa kabilang buhay. Pinapatunayan nila ang kanilang kabagalan at pagbabalewala sa larangan ng pagkakamit ng kaalaman, paglago ng ispiritual na aspeto at pagsasakatuparan ng moral at debosyonal na tungkulin sa pagtitiwala sa Diyos at tawakkul sa kanyang mga biyaya..Isinasatinig ang deklarasyon tulad ng: "Ang Diyos ay Dakila" at "Ang tiwala ko ay nasa pagpapala ng Diyos" umaasa sila na makukuha nila ang kanilang lugar sa kabilangbuhay

Gayunpaman,kapag tungkol sa pangmundong mga bagay, sinasabi nilang "Ang pagsisikap at pagpapakasakit ay hindi salungat sa tawakkul sa Diyos at pag-asa sa Kanyang kabutihan." Kaya nga kinokonsidera nila ang pang-mundong mga bagay na pinaka-mahalaga, at nillagay ang kanilang pag-asa sa mga material na dahilan, hindi sa Diyos at hindi rin sa Kanyang kahalagahan. Dahil doon ang mga usapin tungkol sa kabilang-buhay ay hindi mahalaga sa kanilang pananaw at dahil sa walang silang tunay na pananampalataya sa Araw ng Muling Pagkabuhay at sa mga detalye nito, kanilang pinagtatakpan ang kanilang pagwawalang bahala.

- May isa pang klase ng tao, na napapaniwala sa pamamagitan ng mga dahilan o pakiramdam, aminado sila na ang Diyos na maykapal ay ang nag-iisang nakababatid ng lahat ng bagay, ng dahilan ng lahat ng pinagmulan, kahalagahan ng buong pagkatao, ang Kanyang walang limitasyong kapangyarihan at inpluwensya. Sa antas ng tamang paniniwala, mayroon silang tawakkul sa Diyos, kaya kinokonsidera nila ang kanilang sarili na mutawakkil at may kakayahan na magbigay ng tamang ebidensya sa pagbibigay katarunang sa tawakkul, kung saan: Kabatiran ng Diyos sa pagnangailangan ng kanyang nilikha; ang Kanyang kapangyarihan at kakayahan na matugunan ang mga pangangailangan and ang Kanyang pagmamahal at awa sa kanyang nilikha; Ang grupong ito, ganun pa ma ay mutawakkil sa antas ng kanilang tamang kaalaman, ay hindi pa rin narrating ang paniniwala; madali silang matinag kapag may dumarating ng mga pagsubok sa buhay. Hindi nagkakasang-ayo ang kanilang pag-iisip at ang kanilang nararamdaman, kung saan natatalo ng naramdaman ang may mga pang material na bagay at nabubulagan sa kapangyahiran at kakayahan ng Diyos.
- Mayroong pangatlong grado na kung saan ang paraan ng paghatol ng Diyos sa kanyang nilalang ay pumapasok sa puso, na mayroong matatag na pananampalataya sa kapangyarihan ng Diyos and kanyang pamumuno sa lahat ng bagay. Ang lapis ng pagdadahilan ay naisulat na ang lahat ng kahalagahan ng tawakkul sa kanilang puso. Sila yaong nagtataglay ng tawakkul. Pero ang myembro ng grupong ito ay nagkakaiba-iba tungkol sa antas ng kanilang pananampalataya, kung saan ang pinakamataas na antas ay ang pagiging kuntento (itminan) kung saan ang pinaka perpektong antas ng tawakkul ay lagging nasa kanilang mga puso. Pagkatapos ang kanilang puso ay hindi nagnanais ng koneksyon sa anu pa man at ang nais lang ay mapalapit sa Diyos, n syang kanilang pinananaligan at kakumpletuhan, base sa matalinghagang kahulugan ng salitang pantukoy sa tawakkul na "hubugin ang sarili sa pagpapaalipin sa Diyos at ilapit ang sarili sa Kanyang panginoon."
- **Panginoon, bigyan mo ako ng kumpletong malayong relasyon sa anumang bagay at kumpletong pagsuko sa iyo…**[Munajat Sha'abniyyah of Imam Ali (a): Al-Majlisi, *Bihar al-Anwar*, vol. 94, p. 99]

Mga kabutihan ng *tawakkul*

- Sa tradisyon ng Islam, ang *tawakkul ay isang pinamataas na papuri bilang matatag na senyales ng pananampalataya ng isang tao, pagkarelihiyoso at kumpletong pagtitiwala sa Diyos. Yaon lamng mga nagagalak sa tunay pagkakaibigan sa Diyos ang syang palaging makakapag-tiwala sa Kanya. Sa anu mang kondisyon ng kanilang buhay.*
- Kapag ang tawakkul sa Diyos ay garantisado sa kanyang tagumpay dito sa mundo at sa kabilang buhay, kahit gaano pa kahirap ang tungkulin and gaano kasimple at kahirap ng kondition na pinagdadaanan ng isang tao sa kanyang buhay o gaano man kalakas ang kalaban na hinaharap.
- Imam Ali (a): **"Ang Tawakkul sa Diyos ay [pinagmumulan ng] ginhawa mula sa lahat ng kasamaan at proteksyon mula sa bawat kalaban**." [Al-Majlisi, *Bihar al-Anwar*, vol. 56, p. 79]

Meron bang mas mataas pang antas kaysa sa tawakkul?

- Ang antas ng rida [pagiging kuntento sa Diyos] ay iba sa istayon ng tawakkul, pagiging nakatataas at mas maliwanag. Ito ay sa dahilang ang mutawakkil ay naghahanap ng pansariling kabutihan at benepisyo at pinakakatiwala ang mga gawain sa Diyos kinokonsiderang Siya ang tagapagbigay ng kabutihan, ang radi [isang tao na narrating na ang lugar ng rida] ay isang taong isinuko na ang lahat sa kaloob ng Diyos, at wala ng hiwalay na kagustuhan para sa sarili.
- Ang antas ng tafwid, na kung saan ang tagasunod ay wala dapat makitang kapangyarihan at kakayahan sa sarili at kinokonsidera nya ang kanyang sarili na kulang at pinahahalagahan ang Diyos bilang pinakamakapangyarihan. Ang antas na ito ay mas mataas kaysa sa tawakkul, kung saan sa tawakkul, ang mutawakkil ay ginagawa ang Diyos na kanyang kahalili, ang isang namamahala sa kanyang mga Gawain para marating ang mabuti at mahalaga samantalang sa tafwid ito ay nagpapahalaga sa lahat ng bagay.
- *Thiqah* [pagtitiwala] sa Diyos na maykapal ay ang kaluluwa ng bawat antas malapit sa Diyod, at ang mga mananamplataya ay hindi ito mararating ng wala ito. Ayon kay Khawaja Abdullah Ansari [ra], 'ang thiqah ay ang mata ng tawakkul, ang (paggalaw) punto ng kabuuan ng tafwid, at ang pinakaloob ng taslim(pagsuko).' Kung saan, ang tatlong istasyon ay hindi mararating kung wala ang thiqah.
- Imam Reza (a): Ang pananampalataya ay may apat na haligi: Tawakkul sa Diyos na maykapal, makuntento sa Kanyang desisyon. sumuko sa utos ng Diyos, buong pagtitiwala [mga gawain] sa Diyos." [Ar-Rayshahri, Mizan al-Hikmah, hadith #22499]